## INTERNATIONAL NAPASA (March 19th, 2024)

### 1）PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa March 24 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

### 2)UKOL SA MGA TAONG PAPASOK NG ELEMENTARYA AT JUNIOR HIGH SCHOOL

４月に市内の 小学校 と 中学校 に 入学 する方にお知らせ

Noong buwan ng January ay pinadalhan ng ***ABISO PARA SA PAGPASOK SA PAARALAN*** ang mga tahanan na may mag-aaral na papasok ng Elementarya at Junior High School ngayong taon ng Abril. Kung hindi nakatanggap ng abiso o may mali sa ipinadalang abiso ay sumangguni sa ***EDUCATIONAL AFFAIRS DIVISION ( GAKUMU KA )*** , 7th floor ng main building ng Hiratsuka City office. At kung meron ding mga dayuhang residente na nais pumasok sa paaralan ay dumirektang makipag-alam sa ***EDUCATIONAL AFFAIRS DIVISION ( GAKUMU KA )*** para sa pag-proseso. Para sa mga katanungan ay maaaring tumawag sa Hiratsuka City ***EDUCATIONAL AFFAIRS DIVISION ( GAKUMU KA ).*** Telephone No. **0463-35-8118 (0463-35-8118).**

### 3)INPORMASYON UKOL SA PAGPAPALAWIG NG DEADLINE NG STARLIGHT MONEY

「スターライトマネー」の期限 延長 のお知らせ

Ang deadline ng paggamit, deadline ng pagcha-charge at deadline ng pagsasauli ng 3% na halagang ginamit sa ***STARLIGHT MONEY*** ay mapapalawaig ng isang taon. Ang deadline sa bagong pagcha-charge ay hanggang sa January 31, ang deadline ng pagsasa-uli ay hanggang sa February 28 at ang deadline naman sa paggamit ay hanggang sa March 31. Subalit mula sa April 1, ay ay bababa ng hanggang 1% na lamang ang maisasauling halaga. Maging maingat dahil maaaring magkaroon rin ng mga pagbabago sa mga affiliate store. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***SECRETARIAT OFFICE (JIMU KYOKU)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0570-06-0505 ( 0570-06-0505 ).**

### 4) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

### 魚直売会のお知らせ

Ang derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka na ginaganap tuwing ika-apat ng Biyernes ay pansamantalang mahihinto mula January hanggang March. At ito ay magsisimulang muli sa April 28. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**